# Pinalabas ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa isang araw si Al-Hasan,pina-akyat niya ito sa Minbar (tinatayuan ng Imam kapag nangangaral), at Nagsabi siya:((Ang anak kong ito ay magiging pinuno,At marahil ang Allah ay gagawin siyang Tagapagka-sundo sa pagitan ng dalawang grupo mula sa mga Muslim)

Ayon kay Abē Bakrah-malugod si Allah sa kanya-at Nagsabi:Pinalabas ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa isang araw si Al-Hasan,pina-akyat niya ito sa Minbar (tinatayuan ng Imam kapag nangangaral), at Nagsabi siya:((Ang anak kong ito ay magiging pinuno,At marahil ang Allah ay gagawin siyang Tagapagka-sundo sa pagitan ng dalawang grupo mula sa mga Muslim)
[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

Pinalabas ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan isang araw si Hasan kasama niya sa Masjid at siya bata pa at nasa maliit na gulang,pina-akyat niya ito sa Minbar (tinatayuan ng Imam kapag nangangaral) sa Marangal nitong Masjid,at ipinaalam niya sa mga tao na ang anak niyang si Hasan,ay magiging pinuno at Mabubuting-kalooban ang pinagmulan,(Nagmula sa) Marangyang Pamilya,Nabibilang sa pinaka-dakilang tahanan na matatagpuan sa ibabaw ng lupa,at tunay na si Allah Napakamaluwalhati Niya at gagawin siyang Tagapagka-sundo sa pagitan ng dalawang grupong mag-aaway at naglalabanan mula sa mga Muslim, Kaya't Pinag-sama ni Allah sa pamamagitan niya ang dalawang grupong ito,at Pinag-isa ang samahan ng mga pangkalahatang Muslim.At walang pag-aalinlangan na sa Marangal na Hadith na ito ay makikita ang palatndaan mula sa mga palatandaan ng pagiging Propeta niya pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sapagkat ipinaalam niya rito-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang magiging gagampanan ng pinunong ito na may mabuting kalooban na si Al-Hasan bin 'Alī malugod si Allah sa ka ilang dalawa mula sa pag-papaisa sa Salita ng mga Muslim,at pag papasundo sa pagitan nila,at pagtanggal sa Hindi pagkakasundo sa pagitan ng dalawang grupo,at nangyari ang mga ito,sa pagbaba niya sa pagiging Khalifah para kay Muāwiyah,na naging dahilan ng paglunas at muling pagsasama,at pagpigil sa pagdanak ng dugo,at ito sa taon ng Sunnah at Jamaah na apatnapo o apatnaput-isa